AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 17

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Tuta ni Noe" na isinulat ni Sergio Bumatay III.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 17** |
|---|
| Book Title: Ang Tuta ni Noe |
| Author: Sergio Bumatay III |
| Source: Buri Books |
| Kumusta? 🤗 Isang Mapagpalang Araw! 😄☀ Andito muli si Teacher Hams 👩🏽🏫 mula sa AHA! Learning Center. 💜 Nakapagpahinga ka ba ng maayos kagabi? 🤔<br><br>Handa ka na bang maglakbay sa huling yugto ng ating istorya? 🤔<br><br>Nalagpasan na natin ang unang yugto, ngayon ka pa ba susuko? 🤔<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Kung gayon, ipangako ✋ uli natin na dahan-dahan nating babasahin 📖, at iintindihin 🧐 ang kwento. 🤗<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Mayroon ulit tayong mababasang malalalim na salita 📖. Itanong ulit natin kayla Nanay 👩🏻 o Tatay 👨🏻 ang ibig sabihin ng mga sumusunod:<br><br>**(1) Dilubyo**<br>**(2) Arka**<br>**(3) Bagwis**<br>**(4) Pintungan** |

**(5) Kumati**
**(6) Sinaklot**

Halika na! 🙋‍♀️
Ito na ang huling bahagi ng "Ang Tuta 🐶 ni Noe" na sinulat 📝 ni G. Virgilio S. Almario at ginuhit ✏️ ni G. Sergio Bumatay III mula sa Adarna House at BuriBooks. 📖

Simulan na natin ang paglalakbay! 👣👣👣

---

📚 **ANG TUTA NI NOE NI SERGIO BUMATAY III**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

Tulad ng nakasulat sa Banal na Aklat 🙏📖, tumagal ang Dilubyo 🌪️. Pagkatagal-tagal. Dahil sa Dakilang Baha 🌊, napakatagal natakpan ng tubig 💧 ang halos buong mundo 🌎. Napakatagal ding lulutang-lutang ang malaking Arka 🚢 ni Noe 🧑🏾 at nagsimulang mainip 😪 ang mga sakay nitong iba't-ibang pares ng hayop. 🐶🐷🐴🐗

Naiinip 😪 lalo na ang mag-asawang Manaul na gustong-gusto nang lumipad 🦅 nang lumipad 🦅 sa himpapawid ☁️. Nababagot 😖 ang mag-asawang Halimaw 🐯 na gustong-gusto nang gumala-gala sa kagubatan. "Nanlalambot na ang aking bagwis. naiinis na reklamo ni lalaking Manaul. "Nagsasawa na ako sa araw-araw ☀️ na mais 🌽.", sabi naman ni lalaking Halimaw. 🐯

Ngunit wala silang magawa dahil wala silang matanaw kundi tubig 🌊 sa paligid. Hindi naman sila makasuway sa utos ni Noe. Iniligtas sila ni Noe 🧑🏾 sa Dakilang Baha 🌊 dahil sila ang inaasahang magsimula ng kanilang bagong mga lahi sa buong mundo pagkatapos ng Dilubyo. 🌪️

At tumindi ang inis 😡 nina Manaul 🦅 at Halimaw 🐯 dahil waring hindi iniintindi ni Noe 🧑🏾 ang kanilang problema. Ginagawa ni Noe, katulong ang pamilya 👨👩👧👦, ang mga tungkuling magpakain ng mga hayop 🐶🐴🐗, maghanda ng inumin, 🥛 maglinis ng buong sasakyan, mag-alaga ng may sakit 🤒, at iba pa. Pagkatapos, nakikipaglaro si Noe 🧑🏾 kay Tuta. 🐶

Si Tuta 🐶! Bakit ba mahal na mahal yata ni Noe 🧑🏾 sa lahat si Tuta 🐶? 🤔 Araw-araw ☀️ may nakalaang oras ⏱️ si Noe 🧑🏾 para makipaglaro kay Tuta 🐶. Ano ang espesyal sa munting si Tuta 🐶? 🤔 Lubhang nainggit sina Manaul 🦅 at Halimaw 🐯 kay Tuta 🐶. Nainggit 😢 kahit ang ibang pasahero ng Arka 🚢 sa espesyal na asikaso ni Noe 🧑🏾 kay Tuta 🐶. Pinulong nina Manaul 🦅 at Halimaw 🐯 ang mga naiinggit sa kasama at pinag-usapan 🗣️ ang kanilang inggit. Pinag-usapan 🗣️ nila araw ☀️ - gabi 🌑 ang kanilang inggit. Inggit dito. Inggit doon. Hanggang maisipan nina Unggo 🐵 at Kulapnit na dakpin si Tuta 🐶 at ikulong sa pintungan ng mais. 🌽

Ngunit laking gulat 😮 nila sa nangyari. Bago madakip nina Unggo 🐵 at Kulapnit si Tuta 🐶 ay bigla itong tumalon sa tubig 🌊. Nagkagulo ang mga nakasaksi. “Si Tuta, si Tuta!” “Si Tuta nahulog!” “Saklolo! Nahulog si Tuta🐶!” 😱

At ang nangyari, si Unggo 🐵 ang unang lumundag sa tubig 🌊 para sagipin si Tuta 🐶. Tumulong ang ibang pasahero para maiakyat sa Arka 🚢 sina Unggo 🐵 at Tuta 🐶. Nagpipiglas pa si Tuta 🐶 nang maiakyat. Parang gustong lumundag muli sa tubig 🌊. At ibinalot ni Noe 🧒🏽 ng kumot si Tuta 🐶 saka dinala sa sarili niyang silid. Nagtatakang nagbantay ang maraming pasahero sa labas ng silid. 😮

Kinabukasan 🌗, nakita nilang malumbay na nakatanaw si Noe 🧒🏽 sa dagat 🌊. “Bakit po kayo nalulungkot?”, hindi nakatiis na tanong ni Pipit 🤔🐦. “Mataas ang lagnat 🤒 ni Tuta 🐶.”, malumanay na sagot ni Noe 🧒🏽. “Gagaling din po siya.”, alo ni Pipit 🐦. “Kailangan lang po niya ng pahinga.” “Hindi yata ganoon kasimple ang problema ni Tuta 🐶, Pipit 🐦.”, mahinang tugon ni Noe 🧒🏽. “Nag-iisa na si Tuta 🐶. Hindi umalis sa kanilang binabantayang bukid 🏞 ang kaniyang pamilya 🐶🐶 noong parating pa lang ang baha 🌊. Ayaw nilang umalis dahil nangako ✋ silang babantayan ang bukid 🏞 hanggang bumalik ang kanilang Panginoon.” 😇

“Namatay ang pamilya ni Tuta 🐶 sa Malaking Baha 🌊!” “Si Tuta 🐶 lamang ang natitira.”, pahikbing wika ni Noe 🧒🏽. “Tulad ninyo, kailangan niya ang kapares para manatili ang kaniyang lahi. Kaya kailangang laruin ko siya, kailangang aliwin ko siya araw-araw ☀. At nabigo ako.” Tuluyang naiyak 😭 si Noe 🧒🏾.

Makalipas ang ilang araw ☀ ay lumabas sa silid si Tuta🐶. Lihim na nagdiwang ang lahat 😊. Ngunit hindi na nila nakitang nakipaglaro kay Noe 🧒🏽 si Tuta 🐶. Maghapon itong malumbay na nakatunghay 🥺 sa dagat 🌊. Hindi pansin ang mga kuwento ni Noe 🧒🏽. Hindi pansin ang mga alok na pagkain 🍲 ni Noe 🧒🏽. Hindi pansin ang mga imbita ng mga sisiw 🐥 at biik 🐷. Lagi namang nakabantay ngayon sina Unggo 🐵 at Kulapnit, hali-haliling nagbabantay, at baka lumundag sa dagat 🌊 si Tuta 🐶. Nalimutan nila ang inip at bagot sa paghihintay na kumati ang tubig 🌊 dahil sa takot nilang hindi ganap na maalagaan si Tuta. 🐶

Hanggang iutos ni Noe 🧒🏽 na magsiyasat sa paligid at alamin kung mataas pa ang baha 🌊. Kasama ang mag-asawang Manaul 🦅🦅 na lumipad nang malayo. Ilang araw ☀ silang bumabalik upang iulat lamang na wala pa silang masilip na lupain. Hanggang isang araw ☀, hindi bumalik si Uwak. Tinunton ni Kalapati 🕊 ang nilipad ni Uwak at nakit aniya ito sa gitna ng mga pumanaw.

Bumalik sa Arka 🚢 si Kalapati na may tangkay ng sampaga sa tuka 🕊. Nagbunyi ang buong Arka 🚢 sa mga palatandaang iniuwi ni Kalapati. Kinabukasan 🌗, lumipad ang mag-asawang Manaul 🦅🦅 upang pagtibayin ang magandang balita ni Kalapati. May napansin silang gumagalaw sa tuktok ng isang bundok 🌄. Aning tuwa nila nang makilala ang gumagalaw na bagay! Nilapitan ito ng mag-asawa 🦅🦅 at magkatulong na sinaklot upang iuwi sa Arka. 🚢

Tulad ng nakasulat sa Banal na Aklat 📖, magkapares 💑 ang lahat ng hayop 🐷🐷🐵🐵🦅🦅🐶🐶🐯🐯🦍🦍 na bumaba mula sa Arka 🚢. Hindi sinabi kung paano naligtas sa Malaking Baha 🌊 ang babaeng kapamilya ni Tuta 🐶. Ngunit dalawa na silang magkasama pagbaba ng Arka ni Noe. 🚢🧑
Tulad noon, minamahal sila ngayon 🥰 dahil sa kanilang katapatan sa tungkulin. 😌

--

Wakas. 🤗

At natapos nga natin ang istoryang "Ang Tuta 🐶 ni Noe". Apir! 🙏 Marahil ay napagod ka sa haba ng ating paglalakbay. Mag-usap muna tayo. 👨 👩 Kaibigan, kumusta ka naman ang naging paglalakbay natin sa "Ang Tuta 🐶 ni Noe"? 🤔 Nasiyahan ka ba? 😃 O di kaya'y naengganyo? 🤩

Gusto mo ba uling maglakbay? 🤔👣

✏ **GAWAIN**
Katulad kahapon, tingnan ulit natin kung natatandaan pa ba natin ang mga pangyayari sa istorya. 🧠🤗

🔎 Bakit matagal na natakpan ng tubig 🌊 ang halos buong mundo 🌎?

Tama! 🤗

Dahil sa Dakilang Baha 🌊 kaya natakpan ng tubig 💦 ang halos buong mundo. 🌎

Nakapagbasa ka na ba ng Banal na Aklat 📖?

🔎 Bakit ba iniligtas ni Noe ang mga pares ng hayop?🤔

Magaling!👏

Iniligtas sila ni Noe 🧑🏽 sa Dakilang Baha 🌊 dahil sila ang inaasahang magsimula ng kanilang bagong mga lahi sa buong mundo pagkatapos ng Dilubyo.

Kung ikaw si Noe, ililigtas mo rin ba ang mga pares ng hayop? Bakit? 🤔

🔎 Sino ang kinaiinggitan ng mga hayop dahil pinaglalaanan ito ng oras ni Noe? 🤔

Mahusay! 🤗

Si Tuta 🐶 ang kanilang kinaiinggitan dahil pinaglalaanan ito ng oras ni Noe para laruin.🙂

May alaga din ba kayong hayop sa inyong bahay? Kung meron, ano ito at sino ito? 🤔

🔎 Sino ang nakaisip na dakpin si Tuta at ikulong sa pintungan ng mais?

Ayos! 👏

Sila Unggo 🐵 at Kulapnit at nakaisip na dakpin si Tuta 🐶 at ikulong sa pintungan ng mais. 🌽

Kinukulong o tinatali niyo rin ba ang aso ninyo?  Kung oo, bakit? 🤔

🔎 Bakit namatay ang pamilya ni Tuta?

Tumpak! 🤗

Namatay ang pamilya ni Tuta 🐶 dahil sa Malaking Baha. 🌊

Nalulungkot ka ba para kay Tuta? 🤔

🔎 Sa huli sinabi na minahal ang mga uri ni Tuta dahil sa kanilang katapatan sa tungkulin, ano bang uri ng hayop si Tuta?

Magaling! 🤗

Si Tuta ay isang aso. 🐶

Naniniwala ba kayong matapat sa tungkulin ang mga aso? Bakit? 🤔

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Bago matapos ang ating aralin, ating paka-isipin: 🤔

Kung bibigyan ka ng pagkakataon na makapag-alaga ng hayop, anong uri ito at anong ipapangalan mo rito? Bakit?🤔

Ano man ang iyong sagot, lagi mong tandaan na ang hayop 🐷🐵🐶🦅 ay may buhay din 😉. Kaya naman kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na mag-alaga nito, alagaan at mahalin 🥰 mo ito katulad ng pagmamahal at pag-aalagang binibigay mo sa iyong pamilya. 👨👩👧👦

Magaling! 🤩 Natapos natin ang istorya! 👏 Bigyan natin ang ating sarili ng "Good Job" Clap. 👏

Mayroon bang parte ng diskusyon na nahirapan o naguluhan? 🤔🤯 Magmessage lamang at i-mention si Teach Hams. 👩🏼🏫 Magkita-kita ulit tayo bukas. 🤗 Maraming salamat! 🥰 God Bless! 😇

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.